# PROVINCIAL ELECTION 2024

BC NURSES' UNION
*Standing up for health care*



Sabi ng BC Nurses Na...

## Vote Bumoto

**dahil ang buhay mo ay nakasalalay dito.**

Makakuha ng karagdagang impormasyon sa **BCNU.org/BCNursesVote**

## Sa eleksyon na ito, **bumoto** dahil ang buhay mo ay nakasalalay dito.

**Nananawagan ang BC nurses sa susunod na provincial government na:**

- Magtakda ng minimum nurse-to-patient ratios
- Mamuhunan sa mga mabisang istratehiya para sa nurse retention at recruitment
- Bawasan ang public spending para sa private agency nursing
- Maglaan ng mga ligtas na lugar ng trabaho na mabuti sa kalusugan para sa nurses at para sa lahat ng ibang health care workers
- Angkop na maglaan ng tauhan sa long-term care homes
- Palawakin ang community care
- Tugunan ang nakamamatay na krisis sa toxic drugs
- Gumawa ng mga pangmatagalang pamumuhunan sa pangangalaga sa pangkaisipang kalusugan at sa pangangalaga sa paggamit ng droga o alak
- Tugunan ang mga problema sa lipunan na umaapekto sa kalusugan

## ANG ARAW NG ELEKSYON AY SABADO, OKTUBRE 19

Ang mga oras ng pagboto ay 8 a.m. hanggang 8 p.m.

Maaari kang bumoto sa advance polls sa Okt. 10–13 at sa Okt. 15–16.

Kailangan mo ng isang government-issued photo ID para bumoto, at kung hindi ka rehistradong bumoto, isang registered na mail na natanggap mo tulad ng isang BC Hydro bill o credit card statement.

Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang:

**Elections BC**
1-800-661-8683
electionsbc@elections.bc.ca

2024
PROVINCIAL
ELECTION
BC Nurses Vote

*Awtorisado ng BC Nurses' Union, rehistradong isponsor sa ilalim ng Election Act, 604-433-2268*

# Vote Bumoto

**dahil ang buhay mo ay nakasalalay dito.**

Nalalaman ng nurses na minamahalaga ng mga taga-British Columbia ang health care ng ating province. Pero malaki ang naging stress dito dahil laging nagkukulang ang mga tauhan nito. Sa eleksyon na ito, bumoto para sa isang kandidatong dedikadong magbigay ng priyoridad sa health care.

## Ibig sabihin nito'y...

**MAGTAKDA NG MINIMUM NURSE-TO-PATIENT RATIOS** sa lahat ng mga care setting para masigurado na natatanggap ng mga pasyente ang mahusay na pangangalaga na nagliligtas ng buhay na karapat dapat nilang makuha, masigurado na nadadagdagan ang bilang ng nurses, at naproprotektahan ang nurses para maiwasan nila ang burnout.

**MAMUHUNAN SA MGA MABISANG ISTRATEHIYA PARA SA NURSE RETENTION AT RECRUITMENT** para pahusayin ang mga kondisyon sa trabahong nang mapanatili natin ang highly-skilled nurses na kasalukuyang nagtratrabaho sa sistema, at para makapag-recruit ng mas marami pang nurses para sa propesyon na ito. Halos 6,000 ang mga kasalukuyang bakanteng posisyon at inaasahang mangangailangan ng 29,000 bagong nurses sa darating na 10 taon; kaya't marami pang kailangang gawin para magkatotoo ang minimum na nurse-to-patient ratios.

**BAWASAN ANG PUBLIC SPENDING SA PRIVATE AGENCY NURSING** at pondohan ang public health care system. Ang paggasta ng province sa for-profit staffing agencies para punan ang mga gap sa staffing ay tumaas nang husto mula $8.7 milyon noong 2018-19 na siyang naging mahigit sa $160 milyon noong 2022-23, gamit ang nurses na napuwersang umalis mula sa sistema. Hindi natin kaya itong ipagpatuloy.

**MAGLAAN NG MGA LIGTAS NA LUGAR NG TRABAHO NA MABUTI SA KALUSUGAN** para sa nurses at para sa lahat ng ibang health care workers sa pamamagitan ng pag-hire ng security (na binigyan ng angkop na training) 24/7 at pagsigurado na ang mga lugar ng trabaho ay malaya sa pasalita at pisikal na abuso at karahasan. Dapat utusan ng gobyerno ang health employers na tugunan ang mga panganib sa kalusugan at kaligtasan na regular na hinaharap ng nurses sa trabaho.

**ANGKOP NA MAGLAAN NG TAUHAN PARA SA LONG-TERM CARE** sa pamamagitan ng pagbigay ng priyoridad sa pagtatag ng minimum nurse-to-patient ratios sa lahat ng publicly funded na long-term care homes para masigurado na nakukuha ng seniors ang pangangalagang karapat-dapat nila makuha.

**PALAWAKIN ANG COMMUNITY CARE** sa pamamagitan ng pamumuhunan sa mahusay na pangangalaga sa seniors para mabawasan ang pangangailangan nila sa acute care.

**GUMAWA NG MGA PANGMATAGALANG PAMUMUHUNAN SA PANGANGALAGA SA PANGKAISIPANG KALUSUGAN AT SA PANGANGALAGA SA PAGGAMIT NG DROGA O ALAK** at pagdibelop ng isang publicly funded at ibinibigay na sistema ng pagbigay-lunas sa pangkaisipang kalusugan at addiction at sa recovery services na regulado, evidence-based, magaan sa bulsa at madaling puntahan, at available kapag kinakailangan ito ng mga tao.

**TUGUNAN ANG NAKAMAMATAY NA KRISIS SA TOXIC DRUGS** sa pamamagitan ng pagpapahusay sa mga hakbang sa pagbawas ng pinsala, pagpapalawak ng treatment para sa pangkaisipang kalusugan at recovery services, at pagwakas sa criminalization (pagtrato bilang krimen) sa mga táong gumagamit ng droga.

**GUMAWA NG COORDINATED NA AKSYON LABAN SA MGA PANLIPUNANG PROBLEMANG NAKAKAAPEKTO SA KALUSUGAN** sa pamamagitan ng pagtugon sa mga problemang umaapekto sa kalusugan ng mga tao, kabilang na dito ang kawalan ng access sa mga serbisyo sa kalusugan at sa abot-kayang pamamahay, hindi pantay-pantay na kita, at mga panganib na may kinalaman sa sistemikong diskriminasyon dahil sa lahi, kabilang na ang rasismo dahil ang isang tao ay Indigenous, at diskriminasyon dahil sa kasarian, edad, kakayahan, at iba pang mga protektadong dahilan.

2024
PROVINCIAL
ELECTION
BC Nurses Vote